Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Uri ng pangungusap

Panuto: Isulat sa patlang ang uri ng pangungusap. Gamitin ang mga sumusunod na titik: **PS** (pasalaysay), **PT** (patanong), **PD** (padamdam), **PU** (pautos), at **PK** (pakiusap).

_____ 1. Yehey, bakasyon na naman!

_____ 2. May balak ba kayong puntahan ngayong bakasyon?

_____ 3. Hindi ko pa alam kung saan kami magbabakasyon.

_____ 4. Bisitahin ninyo ang lolo at lola ninyo sa probinsiya.

_____ 5. Oo nga, siguradong matutuwa sila!

_____ 6. Saan ba sila nakatira?

_____ 7. Nakatira sila sa Lungsod ng Cebu.

_____ 8. Ipakita mo sa akin sa mapa kung nasaan ang Cebu.

_____ 9. Pakiabot sa akin ang mapa ng Pilipinas.

_____ 10. Matatagpuan ba sa Luzon ang Cebu?

_____ 11. Ay, wala sa Luzon ang Cebu!

_____ 12. Matatagpuan sa Visayas ang Lungsod ng Cebu.

_____ 13. Paano kayo makakarating sa Visayas?

_____ 14. Sumasakay kami ng eroplano.

_____ 15. Wow, gusto ko rin makapunta sa Cebu!